
4

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 7:
## Pag-unawa sa Akda




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pag-unawa sa Akda**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad ng **Batas Republika 8293**, **seksyon 176** na "Hindi maaaring magkaron ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito'y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaringgawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad."

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand names, tatak o trademarks, palabras sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rey Antoni S. Malate

**Tagasuri:** Rechie O. Salcedo

**Tagaguhit:** Emma N. Malapo, Jerome R. Guadalupe, Mark Anthony O. Taduran

**Tagalapat:** Rey Antoni S. Malate, Brian Navarro

**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao, Jr., Grace U. Rabelas,
Ma. Leilani R. Lorico, Nora J. Laguda, Jerson V. Toralde,
Rechie O. Salcedo, Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________________

**Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City

Mobile Phone: 0917 178 1288

E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pag-unawa sa Akda

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.


Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paarala




## *Alamin*



Kumusta? Sabik ka na bang malaman ang aralin natin sa araw na ito?

Alam kong malapit sa puso mo ang talakayan at pag-uusapan natin dahil may kinalaman ito sa mga kuwentong naibahagi sa iyo ng iyong mga magulang o kamang-anak minsan sa iyong buhay. Sa araling ito ay babalikan natin ang iyong kaalaman sa mga alamat, tula at awit na humubog sa ating kutura, damdamin at pag-uugali.

Alin ba sa sumusunod na *emoji* ang nararamdaman mo tuwing nakaririnig o nakababasa ka ng mga alamat, tula at awit? Bakit ito ang iyong nararamdamn?_________________________



Ano man ang dahilan mo siguradong sumagot ito sa napakaraming katanungan tulad ng _____________________.

Tara! Sabay-sabay nating sariwain at pag-aralan ang sumusunod sa tulong ng modyul na ito:

- Nasasagot ang mga tanong mula sa napakinggan at nabasang alamat, tula, at awit.
- Nakapagbibigay ng paksa at hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong mula sa napakinggan at nabasang alamat, tula, awit at iba pang teksto.
- Naipamamalas ang paggalang sa ideya, damdamin at kultura ng may akda ng tekstong napakinggan o nabasa.

## *Subukin*



Dahil alam mo na ang ating mga pag-aaralan, subukin mo na mang basahin at unawain ang akda sa ibaba at sagutin ang mga kasunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Kay gandang pagmasdan
makukulay na kapaligiran,
mga parol sa bawat tahanan,
mga pasyalang puno ng kasiyahan.

Mga batang nagsisiawitan
kumakatok sa bawat tahanan.
Nakagawian na ang magbigayan,
magbahaginan ng mga biyayang nakakamtan.

Tunay na pag-ibig ang diwa ng kapaskuhan
na tanging Diyos ang pinagmulan.
Kaya ipamalas ang pagmamahalan
sa pamilya, kaibigan, kapwa, at buong
sambayanan.

Manatili nawa ang diwa nito sa bawat panahon,
lalo sa kasalukuyang puno ng hamon.
Laging dalangin at hiling sa Panginoon
Kaniyang paggabay sa pag-ahon at pagbangon.

Mga Tanong:

1. Anong uri ng akda ang iyong binasa?
2. Ano ang paksa ng binasang akda?
3. Ayon sa binasa, ano-ano ang makikita tuwing sasapit ang pasko?

4. Ano pa ang nakasanayang gawin ng mga tao tuwing pasko?
5. Bakit nagbibigayan ang mga tao tuwing pasko?
6. Ayon sa tula, ano ang tunay na diwa ng pasko?
7. Sa huling taludtod, ano ang nais o hiling ng sumulat ng tula?
8. Ikaw, naranasan mo na ba ang mangaroling tuwing sasapit ang pasko? Ikuwento ang iyong karanasan.


____________________________________________________________

____________________________________________________________

___________.

Pagbati sa matagumpay na gawain! Maaari mong iwasto ang iyong mga kasagutan sa **pahina 19.**





## *Balikan*

Naalala mo pa ba ang ating nakaraang aralin tungkol sa pagsulat ng liham-pahintulot? Balikan natin ang iyong natutuhan tungkol dito.


Isulat mo sa wastong pagkakaayos ang liham-pahintulot. Tiyakin na tama ang pagkasunod-sunod ng mga bahagi nito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
| **A.**<br>*Lubos na gumagalang,*<br><br>*Dolores R. Andalis* | **B.**<br>*Mahal na Gng. Cruz,* |
| **C.**<br>Iriga Central School<br>Lungsod ng Iriga<br>Oktubre 19, 2020 | **D.**<br><br>*Gng. Maria Isabel Cruz*<br>*Katiwala ng Aklatan* |

**E.**

*Magandang araw po, ang inyo pong lingkod ay humihingi nang pahintulot na kung maaari po sana ay payagan kaming gumamit ng silid-aklatan ng ating lungsod tuwing tanghali para sa aming pananaliksik ng mga alamat, tula at awit na katha ng ating mga kababayan.*

*Maraming salamat po sa inyong pagtugon.*




Markahan ang angkop na bilang ng bituin sa pagsasagawa ng gawaing ito (3 bituin-Mapakahusay; 2 bituin-Mahusay; 1 bituin- Paghuhusayan sa sunod na gawain).

1. Naisulat nang angkop ang bawat bahagi ng liham ☆☆☆
2. Wasto ang pasok ng mga palugit sa sulatin ☆☆☆
3. Malinis at malinaw ang pagkakasulat ☆☆☆



## *Tuklasin*




Alam kong may mga paborito kang alamat, tula at awit na palaging binabalikbalikan.

Narito ang kuwento ng pinagmulan ng *“Inorogan Chapel”* na tiyak na kawiwilihan mo.

Basahin mo o maaari mong ipabasa sa iyong magulang o kapatid at pakinggang mabuti ang alamat na ito.

Huwag din kalimutang sagutan ang ilang katanungan upang higit maunawaan ang akda.

**Ang Alamat ng Inorogan**



Sa panahon nang pananakop ng mga Espanyol dito sa Pilipinas, sa buwan ng Enero 4, 1641, may isang bundok na tumubo sa Iriga, na tinawag itong – Sumagang.

Biglang sumabog ang bundok kaya gumuho ang lupa sa bahaging silangan nito, gumulong ang mga malalaking bato at rumagasa ang malalaking tubig pababa ng bundok.

Lumipas ang ilang araw, habang naghahanap ng makakain ang tatlong Agta, nakakita sila ng isang liwanag na nagmumula sa bundok.

**Tanong:**

1. Kailan at saan pinaniniwalaang tumubo ang bundok ng Sumagang?
2. Ano ang nagyari sa bundok nang sumabog ito?
3. Ano kaya ang nakita ng tatlong Agta na nagliliwanag sa bundok?

*Ipagpatuloy mo ang pagbasa..*

Sa kanilang pagkamangha at pagkabighani sa nagkikislapang liwanag, nagmadaling umakyat ang tatlong Agta sa bundok at nakita nila ang isang imahen ni Birheng Maria na kalong-kalong si Hesus sa ibabaw ng isang malaking bato na galing sa pagsabok.

Binalita agad nang tatlong Agta ang nakita sa pari sa parokya ng Iriga. Hindi natuwa ang pari sa kanyang narinig at binantaan ang tatlo na huwag magdala ng maling balita.

Kinausap nang tatlo ang pari na samahan silang muli pabalik ng bundok upang malaman ng pari na totoo ang kanilang ibinabalita.

Pagdating nila sa bundok, nakita ng pari ang imahen ng Birhen Maria at kanyang napagtanto na totoo ang sinasabi ng tatlong Agta.

Ang imahen na nakita ay tinawag na *Nuestra Senora de las Angustia* at ang lugar na kung saan nakita ito ay tinawag na “inologan” na sa ngayon ay “inorogan” na ang ibig sabihin may nahulog.

**Tanong:**

4. Tama ba ang iyong hula sa nakita ng tatlong Agta sa bundok? Kung OO ang sagot mo. Mahusay! Kung HINDI naman ay patuloy nating subaybayan ang alamat ng Inorogan.
5. Kanino ibinalita ng tatlong Agta ang kanilang nakita?
6. Ano ang ipinangalan sa nakitang imahen sa bundok?

*Ipagpatuloy mo ang pagbasa….*

Kinabukasan, bumalik ang pari kasama ang ilang miyembro ng parokya sa bundok upang kunin ang imahen ngunit hindi nila ito mabuhat. Sinabi niya agad ito sa kanyang pinuno na nasa Nabua tungkol dito.

Nagsama ang dalawa pabalik sa bundok kung saan naroroon ang imahen ni Birheng Maria at sinubakan nilang muling buhatin ito ngunit hindi nila ito mabuhat na parang nakadikit ito sa bato.

Isang araw, may isang matandang banal na babae na nakatira sa Nabua na ang pangalan ay Maria Dia.

Si Maria ay nagkaroon ng isang panaginip tungkol kay Inang Birheng Maria na nagpapahiwatig na kunin siya sa Inorogan at dalhin sa isang simbahan sa Nabua. Ikinumpisal ito ni Maria sa kura paroko ng Nabua ang tungkol sa kanyang panaginip at sinabihan niya itong magpasama kay Isabel upang sundin ang nais ni Inang Angustia.

**Tanong:**

7. Ano ang ibig sabihin *ng "inorogan"*?
8. Sino si Maria Dia? Ano ang kaniyang napanaginipan?

Pinasakay ang dalawa sa isang duyan, pasan ng apat na lalaki papunta sa bundok.

Dinasalan muna nila ang imahen, pagkalipas ng ilang oras nabigla ang dalawang lalaki sapagkat napakagaan nila itong ibinuhat, dinala ito ng cabeza de barangay at kapitan ng Nabua sa simbahan ng Iriga. Sabi ng mga Taga-Iriga iiwan na ang imahen sa kanilang simbahan. Pagkasabi nito, biglang dumilim ang langit, dumagundong ng malakas, umihip ang malakas na hangin at umulan. Sa takot na naramdaman ng mga Taga-Iriga, akala nila ito ay isang signos mula sa langit na ang ibig sabihin, ayaw maiwan si Ina sa bayan ng Iriga; kaya pinayagan nilang dalhin na lamang ito sa Nabua.

Ang imahen ni *Nuestra Senora de las Angustia* ay nasa simbahan na ng Nabua.

*Ipagpatuloy mo ang huling bahagi ng alamat …*

Sa ngayon, mayroon nang maliit na kapilya na itinayo sa kung saan natagpuan ang imahen ni Birheng Maria na kalong-kalong si Hesus na tinatawag na "Inorogan Chapel". Dinarayo na ito tuwing sasapit ang ikaapat ng Enero at nagkakaroon ng misa tuwing unang linggo sa bawat buwan upang magpasalamat sa mga biyayang natatanggap ng mga tao. Patuloy na nananampalataya ang mga taong naninirahan sa paanan ng bundok kay Hesus upang sila'y ilayo sa anumang peligro o sakuna.

*Hango sa: Peñones, H. Francisco V, Jr. Retold and Rewritten the Legend of Inorogan*

**Tanong:**

9. Paano napunta ang imahen ni *Nuestra Senora de las Angustia* sa simbahan ng Nabua?
   Ano na ngayon ang tawag sa lugar kung saan naroon ang imahen?
10. Ano ang paksa o pinag-uusapan sa alamat?

**MAGALING!** Natapos mo ang pagsasanay sa pagsagot sa mga katanungan. Tara, iyo nang alamin ang wastong sagot sa **pahina 19** ng Susi sa Pagwawasto.

Saang antas ka nabibilang?

9-10 tamang sagot - NAPAKAHUSAY
6-8 tamang sagot - MAGALING
4-7 tamang sagot - PAGBUBUTIHIN PA
0-3 tamang sagot - KAYA MO YAN

Ang alamat na iyong nabasa o napakinggan ay mula sa Lungsod Iriga kung saan matatagpuan ng *Inorogan Chapel*. Isa itong alamat na nagpapakita ng kulturang panrelihiyon at paniniwala ng naninirahan sa lugar na ito at ng may akda na dapat igalang.



## *Suriin*



Paano mo nasagutan ang mga katanungang nakapaloob sa binasang alamat? Ibigay ang iyong pamamaraan ginamit sa pagdugtong sa sumusunod na pahayag:

Para masagutan ko nang mahusay ang mga tanong tungkol sa aking binasang *Alamat ng Inorogan,* ang mga ginawa ko ay:

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________

***Suriin natin...***

Alam mo ba na mahalaga ang pag-unawa sa paksa, nilalaman, mahahalagang detalye, impormasyon, at pangyayari sa napakinggan, o nabasa na akda gaya ng alamat, tula at awit para sa mahusay na pagsagot sa mga tanong tungkol dito.

Kaya naman, dapat matiyak na naunawaan mo ang akda upang makapagbigay hinuha sa kalalabasan ng pangyayari nang may paggalang sa ideya, damdamin at kultura ng may akda ng tekstong napakinggan o nabasa.

Tukuyin mo nga ang mga katanungang nasasagot ng sumussunod:

| Uri ng Tanong | Uri ng Sagot |
|---|---|
| Ano | |
| Sino | |
| Saan | |
| Kailan | |
| Bakit | |
| Paano | |

**Mahusay!** Natukoy mo ang uri ng kasagutan sa bawat katanungan. Halika. Pag-aralan pa natin ito ng maigi.

Ang mga tanong na *Ano, Sino, Saan at Kailan* ay karaniwang humihingi ng mga sagot na tuwirang binanggit o lantad na sa akda. Sinasabing ito ay mga literal na tanong o mga batayang tanong para sa pag-unawa.

Narito ang tinutukoy sa mga tanong na ito:

- **Ano** – ang tinutukoy ay maaaring bagay, pangyayari, katangian o pagpapahalaga.
- **Sino** – ang tinutukoy ay ang tauhan.
- **Saan** – tumutukoy sa lugar na pinangyarihan.
- **Kailan** – tumutukoy sa oras at panahon.

Balikan mo ang alamat ng *Inorogan* at sagutin ang sumusnod:

1. Ano ang paksa ng alamat?

   ______________________________________
2. Sino ang nanaginip kung paano maililipat ang imahen?


   ______________________________________
3. Saang simbahan na ngayon nakalagak ang orihinal na imahen ng *Nuestra Señora de las Angustia*?

   ______________________________________
4. Kailan pinaniniwalaang naganap ang alamat?

   ______________________________________

**Magaling!** Nasagutan mo nang wasto ang bawat katanungan. Magpatuloy ka.

Samantala, para mas maging mapanuri sa pagsagot sa mga tanong gumagamit ng mga tanong na *Bakit* at *Paano.* Ito ay mga tanong na nangangailangan ng *pagsusuri* at *paghihinuha (ang paghihinuha ay pagbibigay ng sariling pang-unawa batay sa mga pahiwatig sa teksto, magagawa lamang ang paghihinuha kung tunay na naunawaan ang binasa).* Ang mga sagot dito ay hindi kadalasan direktang ipinapahayag o matatagpuan sa teksto. Sa mga tanong na ito, kailangan mong ipaliwanag nang maayos ang iyong sagot o hinuha bilang tanda ng iyong lubusang pagkaunawa sa binasa.



- **Bakit-** tinutukoy ang dahilan o sanhi ng pangyayari.
- **Paano** – tumutukoy sa paraan ng pagganap sa kilos.

Ipaliwnag mo nga sa pagsagot sa sumusnod na tanong ang dahilan at proseso ng ilang mahahalagang detlaye ng alamat na iyong binasa.

5. Bakit sa simbahan ng Nabua at hindi sa simbahan ng Iriga nakalagak ang imahen ng *Nuestra Señora de las Angustia*?

   ______________________________________

6. Paano nadala ang imahen mula sa bundok ng sumagang patungong bayan ng Nabua?

   ______________________________________

**Bilib na talaga ako sa iyo!** Nasagutan mo ang mga katanungan at paghihinuha sa mga pangyayari sa alamat.

Para masagot nang mahusay ang mga tanong, maaaring maging gabay ang sumusunod:

1. Unawaing mabuti ang pinakikinggan, o binabasang akda.
2. Maaaring itala ang mahahalagang impormasyon, detalye, at pangyayari.
3. Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong bago sagutin. Gamitin ang mapanuring mag-iisip sa pagsagot (pangnilalaman at kultural).
4. Pagkatapos sagutin, balikan muli ang binasa o mga tala upang matiyak na tama ang sagot sa mga tanong.
5. Igalang ang kulturang nakapaloob sa akda ayon sa damdamin, ideya at paniniwala ng may akda.



## *Pagyamanin*

Narito ang ilang gawain na higit magpapayaman sa iyong kaalaman at kasanayan. Handa kana na ba?

**A.** Basahin o makinig sa iyong magulang o kapatid habang binabasa ang maikling tula at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

**Panalangin**

*Sa bawat bukang liwayway*
*may bagong pag-asang naghihintay.*
*Ito'y nagsisilbing kulay*
*para masiglang mabuhay.*

*Kaya naman sa Diyos na Siyang gabay,*
*umaasa at nagtitiwalang tunay.*
*Sa Kaniya dalangin ang lahat ng bagay*
*dahil Siya'y laging nakasubaybay.*

*Mahalaga ang pananalangin, lagi itong gawin.*
*Ang Diyos ay purihin at sambahin.*
*Humingi rin ng paumanhin,*
*magpasalamat saka humiling.*

Sagutin!

1. Ano ang paksa o pinag-uusapan sa tula?
2. Kanino tayo nananalangin?
3. Bakit mahalaga ang pananalangin?
4. Paano tayo dapat manalangin?
5. Ipaliwanag ang sumusunod.

*Sa bawat bukang liwayway*
*may bagong pag-asang naghihintay.*

**B.** Basahin ang isang saknong mula sa awit ni Felipe De Leon na "*Magtanim ay Di Biro*". Sagutin ang mga tanong tungkol dito sa iyong sagutang papel**.**

*Magtanim ay di biro*
*Maghapong nakayuko*
*Di naman makatayo*
*Di naman makaupo*

1. Sa iyong palagay, sino ang tinutukoy sa binasang saknong ng awit? Ipaliwanag.
2. Bakit sinasabing "Magtanim ay di biro…"?
3. Paano natin dapat pahalagahan ang bawat manggagawang Pilipino, gaya ng mga magsasaka?

Ang galing-galing mo! Natapos mo ang gawaing-pagsasanay. Ipagpatuloy mo sa pagwawasto sa **pahina** 19





## *Isaisip*

Magaling! Sinikap mong sagutin ang mga tanong sa binasang alamat, tula at awit. Alamin naman natin kung ano pa ang mga natutuhan mo sa ating aralin.

| | |
|---|---|
| Mahalagang matutuhan ang pagsagot sa mga tanong tungkol sa binasang akda upang________________________ ________________________________ ________________________________ ________________________________ | Maipakikita ko ang pag-galang sa ideya, damdamin at kultura ng may akda ng tekstong napakinggan o nabasa sa pamamagitan ng ________________________________ ________________________________ |



## *Isagawa*



Upang matiyak ang iyong kasanayan sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa binasang alamat, tula at awit, isagawa ang gawain sa ibaba.

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod. Isulat sa iyong sagutang papel.

| Gawain | Kasagutan |
|---|---|
| 1. Sa iyong mga nabasang alamat, tula, at awit, ano ang pinakapaborito mo? Pumili lamang ng isa (maaaring alinman sa alamat, tula, o awit). Isulat ang pamagat nito. | |
| 2. Bakit ito ang naging paborito mo? | |
| 3. Ano ang natutuhan mo sa paborito mong akdang ito? | |
| 4. Ikuwento mo nga ang paborito mong akda sa mga kasama mo sa bahay. Tanungin sila kung nagustuhan din ba nila ito. Itanong sa kanila kung bakit nila ito nagustuhan o hindi nagustuhan. Isulat ang kanilang sagot sa iyong papel. | |
| 5. Paano mo ipinakita ang paggalang sa pagkakatulad o pagkakaiba ng ideya, damdamin at kultura na nakapaloob sa akda at sa iyong sarili? | |



Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat ng pagsasanay. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa **<u>pahina 19.</u>**

Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?

☹ ☺ 😐



## *Tayahin*

Nasanay na ba ang iyong isipan sa pagsagot sa mga tanong sa aralin na ito? Hanggang saan na kaya ang iyong kaalaman? Halika at sukatin antin ang antas ng iyong natutuhan.

**Panuto:** Basahin ang awitin at sagutin ang mga tanong sa ibaba nito.

### Dengue Tuldukan Na

(Regional Level Jingle Making Contest 2015- ICS 1st Place)

*Basurang tinapon sa kung saan-saan,*
*dulot ay baradong kanal, tubig di makadaan.*
*Tubig na naipon sa tabi-tabi,*
*tinitirhan ng lamok at kiti-kiti.*

*Pasulpot-sulpot na lagnat,*
*sakit ng ulo at tiyan na di maintindihan,*
*maaaring ikamatay kapag hindi maagapan.*
*Oras na para magkaisa, dengue ay tuldukan!*

*Tayo na, kumilos na! Huwag nang patagalin pa,*
*paglaganap ng dengue ay solusyonan na.*
*Hihintayin pa ba natin na tayo'y mabiktima,*
*sa four o' clock habit tayo ay magkaisa.*

Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Sino ang maaaring mabiktima sa sakit na dengue?
   A. ako　　B. ikaw
   C. tayo　　D. mga batang tulad mo

2. Bakit nagiging barado ang mga kanal?
   A. dahil sa basura　　B. dahil maraming tubig
   C. dahil walang daanan　　D. dahil sa ulan

3. Ano ang maaaring mangyari kapag naiipon ang mga tubig sa tabi-tabi?
   A. babaho ang lugar
   B. gagamitin sa oras nang pangangailangan
   C. magkakaroon ng lamok at kiti-kiti
   D. wala sa mga nabanggit

4. Dapat ba tayong mag-alaga ng lamok at kiti-kiti?
   A. Hindi, maaari itong magdulot ng sakit.
   B. Siguro po.
   C. Hindi ko po alam.
   D. Wala sa nabanggit

5. Anong sakit ang maaaring maidulot ng lamok ayon sa awit?
   A. dengue
   B. kanser
   C. asthma
   D. ubo

6. Ano-ano ang nararamdaman kapag may sakit na dengue?
   A. trangkaso at lagnat
   B. lagnat, sakit ng ulo at tiyan
   C. ubo at sipon
   D. sakit ng ngipin

7. Ano ang mangyayari kapag hindi agad naagapan ang sakit na ito?
   A. mawawalan na malay
   B. manghihina
   C. maaaring ikamatay
   D. matutulog

8. Paano maiiwasan ang sakit na ito?
   A. panatilihing malinis ang kapaligiran
   B. huwag mag-impok ng tubig na nakabukas ang lalagyan.
   C. makiisa sa four o’clock habit
   D. lahat ng nabanggit

9. Ano ang nais ipahiwatig ng awitin sa atin?
   A. Magkaisa tayo at bigyan ng solusyon ang problema sa dengue.
   B. Huwag tayong magpabiktima sa dengue.
   C. Problema lamang ng mga doktor at nasa gobyerno ang dengue
   D. A at B

10. Mahalaga bang pangalagaan natin ang ating kalusugan.
   A. Opo, upang laging malusog at hindi magkasakit.
   B. Hindi po, gastos lang yan.
   C. Siguro po, dahil kailangan.
   D. Hindi ko po alam.

Binabati kita at naabot mo ang dulo ng ating aralin.

Kamusta ang iyong naging karanasan sa pagsagot ng mga katanungan tungkol sa napakinggan o nabasang alamat, tula at awit?

Iwasto ang iyong mga kasagutan sa **pahina.**

Aling emoji ang naglalarawan sa iyong nararamdaman sa oras na ito?



Bakit ito ang iyong nararamdaman?

________________________________________
________________________________________
________________________________________



## *Karagdagang Gawain*

Upang tuluyan kang maging bihasa, sanayin mo pa ang iyong sarili sa pagsagot sa mga tanong mula sa saknong ng tula sa ibaba.

> *Tayo'y magkaisa sugpuin ang problema,*
> *makinig sa payo at sundin ang mga paalala*
> *upang tuluyang mawala ang pandemya*
> *at manumbalik ang ngiti sa mukha sa tuwina.*

1. Sino ang dapat na magkaisa?
2. Ano ang dapat gawin upang pandemya tuluyan nang mawala?
3. Bakit kailangang magkaisa?
4. Bakit kailangang nating sumunod sa mga payo at paalala?
5. Ano ang nais ipahiwatig ng tula?

Sa wakas ay narating mo na ang dulo ng aralin. Ang saya, 'di ba, at napagtagumpayan mo ang mga pagsasanay at gawain.

Maaari ka nang tumuloy sa sunod na aralin.



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**
1. Tula
2. diwa ng Pasko
3. parol, batang nagsisiawitan
4. magbigayan at magbahagihan ng mg a biyaya
5. Dito naipapakita ang diwa ng pasko
6. pagmamahalan
7. manatili ang diwa ng pasko sa  kabila ng mga hamon
8. Opo/Hindi po (iwawasto ng guro ang sagot)

**Balikan**

Iriga Central School
Lungsod ng Iriga
Oktubre 19, 2020

**Gng. Maria Isabel Cruz**
Katiwala ng Aklatan

Mahal na Gng. Cruz,

Magandang araw po, ang inyo pong lingcod ay humihingi nang pahintulot na kung maaari po sana ay payagan kaming gumamit ng silis-aklatan ng ating lungsod tuwing tanghali para sa aming pananaliksik sa asignaturang Filipino.

Maraming salamat po sa inyong pagtugon.

Lubos na gumagalang,
Dolores R. Andalis

**Tuklasin**
1. Enero 4, 1641, Bundok ng Sumagang
2. Gumuho ang silangang bahagi ng bundok at rumagasa nag mmga bato at tubig pababa ng bundok
3. Isang imahen ni Birheng Maria na kalong-kalong si Hesus.
4. Oo/Hindi (iwawasto ng guro)
5. Sa pari ng parokya ng Iriga
6. Nuestra Senora de las Angustia
7. May nahulog
8. Isang banal na matandang babae. Napanaginipan niya ang tungkol kay Inang Birheng Maria na nagpapahiwatig na kunin siya sa Inorogan.
9. Dahil sa dumilim ang langit, dumagundong nang malakas at umihip ng malakas na hangin at ulan ay natakot ang mga taga-iriga kaya pinayagan na dalhin ang imahen sa simbahan sa Nabua.
10. Pananampalataya ng mga taga-Iriga

**Suriin**
Mga posibleng sagot:
1. Binasa o pinakinggan ko nang maayos ang alamat.
2. Isinulat ko ang mahahalagang tauhan, tagpuan at detalye ng kuwento.
3. Binalikan at binasang muli ang mahihirap ng talata upang ito ay maiintindihan.

(Tanggapin pa ang ibang sagot)
**Ano** – Pangyayari; **Sino** – tao;**Saan** – lugar
**Kailan**-panahon; **Bakit**-dahilan;
**Paano**-paraan
**Katanungan 1-6** (ayon sa nakasaad sa alamat)

**Pagyamanin**
**Pagsasanay A.**
1. Tungkol sa panalangin
2. Sa Diyos
3. Upang magpasalamat sa mga biyayang pinagkaloob ng Diyos.
4. Manalangin ng taimtim
5. Sa bawat pagsubok na ating haharapin may pag-asa.

**Pagsasanay B**
1. Magsasaka
2. Dahil hindi madali ang magtanim, nagbabanat ng buto at maghapong nakayuko.
3. Sila ang nagbibigay ng mga pangunahing pangangailangan ng natin at malaki ang naitutulong nila sa ating lipunan o bansa sa ating ekonomiya.

(Tanggapin ang ibang sagot)

**Isaisip**
1. Mahalagang matuto sa pagsagot sa mga tanong sapagkat nakakatulong ito upang paunlarin ang kaalaman, mapalawak ang pang-unawa. Matutong magsuri upang maibigay ang angkop, wastong sagot sa tanong.
2. Pag-unawa sa nilalamang kultural at pagpapahalaga sa kaisipang nais ipahiwatig sa mga alamat, tula at awit.

**Isagawa**
1-5 (Tanggapin ang iba pang mga sagot)

**Tayahin**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1.C | 2. A | 3. C | 4. A | 5. A |
| 6. B | 7. C | 8. D | 9. D | 10. A |

**Karagdagang Gawain**
1. tayo
2. upang sugpuin ang problema at pandemya
3. makinig sa payo at sundin ang paalala
4. Upang hindi magkasakit at mapigilan ang pagkahawa nito sa iba.
5. Tayo'y magkaisa at tuluyan ng mawala ang pandemya.

## *Sanggunian*


Almario, Virgilio, (2010), *Diksiyonaryong Filipino* Ikalawang Edisyon, Pasig City: ANVIL Publishing Inc., Komisyon sa Wikang Pambansa.

Belvez, P., (2011). *Landas sa Pagbasa 6.* Quezon City: EduResources Publishing, Inc., p. 131

Lagyap, Cloyd, Dengue Tuldukan Na, Regional Dengue Jingle Making Contest, 1st Place, June 2015,

Lagyap, Cloyd, Director Street Dance Competition, Zeferino Arroyo High School, Tale of Mount Asog, NFOT, 2020

Lalunio, L., Ril, F. at Villafuerte, P., (2010). *Hiyas sa Pagbasa.* Manila: SD Publications, Inc., pp. 52-54, 136-137

Liwanag, L., (2011). Landas sa Wika 6. Quezon City: EduResources Publishing, Inc., pp. 90-91

Peñones, H. Francisco V., Jr., Retold and Rewritten the Legend of Inorogan, Istoryang Suanoy, Iriga City Division.

Kontekstuwalisadong Banghay-Aralin sa Filipino, Baitang 4 Ikalawang Kwarter, Linggo 5, Araw 2, pahina 128-132

"MISOSA Katangian ng mga Tauhan sa Kuwento 4, 5, 6". Published 9th December 2014. www.lrmds.deped.gov.ph/create/detail/6809

"MISOSA Mga bahagi ng pangungusap/katangian ng mga tauhan 4,5,6 Published 12th November 2014. www.lrmds.deped.gov.ph/create/detail /6814

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph